Taong 2021 Application Form Para sa Saligang Pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo/Pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo/Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos

Pinuno ng opisina ng buwis na nangangasiwa	Pangalan ng taong nagbabayad ng suweldo (Pangalan)		(Furigana) Kung Pangalan mo	
	Numero ng korporasyon ng taong nagbabayad ng suweldo	*Kailangang sumulat dito ang taong nagbabayad ng suweldo (maliban sa indibidwal) na tumanggap ng application form na ito.		
Pinuno ng opisina ng buwis	Address ng taong nagbabayad ng suweldo (address)		Address o tinitirahan mo	

基・配・所

~Mga paalaala sa pagsulat dito~

© Punan ang "Application Form Para sa Saligang pagbabawas" at "Application sa pagbabawas Para sa Kabiyak" ayon sa sumusunod na mga kaso.

1. Kung ang tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito ay 10,000,000 yen pababa at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita ng iyong kabiyak na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito ay 1,330,000 yen pababa, punan muna ang "Application sa Saligang pagbabawas", at saka "Application sa pagbabawas Para sa Kabiyak".
2. Kung iba ang kalagayan mo sa Numero 1 sa itaas at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito ay 25,000,000 yen pababa, punan ang "Application sa Saligang pagbabawas" lamang (hindi kailangang punan ang "Application sa pagbabawas Para sa Kabiyak").

© Punan ang "Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos" kung gusto mong mag-aplay sa pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon. Kung ang halaga ng kita sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito ay 8,500,000 yen pababa, o kung hindi ka kuwalipikado sa alinman sa "Mga Kahilingan" sa "Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos", hindi ka makakatanggap ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos.

◆ Application Form Para sa Saligang Pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo ◆

○ **Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito**

Uri ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos		Halaga ng kita	Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
(1)	Kita sa pag-eempleyo	yen	(Tingnan ang "4 (1)" sa likod nito) yen
(2)	Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo	yen	(Tingnan ang "4 (2)" sa likod nito) yen
Tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito (Kabuuang halaga ng (1) at (2))			yen

○ **Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas**

Pasiya				
☐	9,000,000 yen pababa		(A)	480,000 yen
☐	Mahigit 9,000,000 yen	9,500,000 yen pababa	(B)	
☐	Mahigit 9,500,000 yen	10,000,000 yen pababa	(C)	
☐	Mahigit 10,000,000 yen	24,000,000 yen pababa		
☐	Mahigit 24,000,000 yen	24,500,000 yen pababa		320,000 yen
☐	Mahigit 24,500,000 yen	25,000,000 yen pababa		160,000 yen

Kategorya I

(Ilagay dito ang A-C sa kaliwa)

Halaga ng saligang pagbabawas

yen

* Punan ito batay sa tsart sa kaliwa na "Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas".

◆ Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo ◆

○ Para punan ang "Kategorya I" sa tsart ng "Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas", tingnan ang "Kategorya I" sa "Application Form Para sa Saligang Pagbabawas.

○ Kung hindi sa (A) - (C) ang "Kategorya I" sa "Application Form Para sa Saligang pagbabawas", o kung hindi sa (i) - (iv) ang "Kategorya II" sa "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Kabiyak", hindi ka makakatanggap ng pagbabawas para sa kabiyak at espesyal na pagbabawas para sa kabiyak.

(Furigana) Pangalan ng kabiyak mo	Indibidwal na numero ng kabiyak mo	Petsa ng kapanganakan ng kabiyak mo: Taon Buwan Araw	
	Address o tinitirahan ng kabiyak mo kapag iba iyon sa address o tinitirahan mo	Kabiyak na hindi residente	Katunayan na nasa parehong kabuhayan

○ **Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito**

Uri ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos		Halaga ng kita	Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
(1)	Kita sa pag-eempleyo	yen	(Tingnan ang "4 (1)" sa likod nito) yen
(2)	Kabuuang halaga ng kita maliban sa kita sa pag-eempleyo	yen	(Tingnan ang "4 (2)" sa likod nito) yen
Tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito (Kabuuang halaga ng (1) at (2))			* yen

Pasiya

☐	480,000 yen pababa at 70 taong-gulang pataas (Ipinanganak noong Enero 1, 1952, o bago nito) Kabiyak na kuwalipikado sa pagbabawas para sa《matanda》	(i)	pagbabawas para sa kabiyak
☐	480,000 yen pababa at wala pang 70 taong-gulang	(ii)	
☐	Mahigit 480,000 yen at 950,000 yen pababa	(iii)	Espesyal na pagbabawas para sa kabiyak
☐	Mahigit 950,000 yen at 1,330,000 yen pababa	(iv)	

Kategorya II **(Ilagay dito ang (i)-(iv) sa itaas)**

○ **Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas**

		Kategorya II										
		(i)	(ii)	(iii)	(iv) ("Tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito (Kabuuang halaga ng (1) at (2))" sa itaas (halaga na minarkahang *))							
					Mahigit 950,000 yen at 1,000,000 yen pababa	Mahigit 1,000,000 yen at 1,050,000 yen pababa	Mahigit 1,050,000 yen at 1,100,000 yen pababa	Mahigit 1,100,000 yen at 1,150,000 yen pababa	Mahigit 1,150,000 yen at 1,200,000 yen pababa	Mahigit 1,200,000 yen at 1,250,000 yen pababa	Mahigit 1,250,000 yen at 1,300,000 yen pababa	Mahigit 1,300,000 yen at 1,330,000 yen pababa
Kategorya I	A	480,000 yen	380,000 yen	380,000 yen	360,000 yen	310,000 yen	260,000 yen	210,000 yen	160,000 yen	110,000 yen	60,000 yen	30,000 yen
	B	320,000 yen	260,000 yen	260,000 yen	240,000 yen	210,000 yen	180,000 yen	140,000 yen	110,000 yen	80,000 yen	40,000 yen	20,000 yen
	C	160,000 yen	130,000 yen	130,000 yen	120,000 yen	110,000 yen	90,000 yen	70,000 yen	60,000 yen	40,000 yen	20,000 yen	10,000 yen
Deskripsiyon		pagbabawas para sa kabiyak	Espesyal na pagbabawas para sa kabiyak									

Halaga ng pagbabawas para sa kabiyak

yen

Halaga ng espesyal na pagbabawas para sa kabiyak

yen

* Punan ito batay sa tsart sa kaliwa na "Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas".

◎ **Para punan ang application form na ito, basahin ang paliwanag na nasa likod nito.**

◆ Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos ◆

Hindi mo ito kailangang punan kung ang halaga ng kita mo sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito ay 8,500,000 yen pababa.

○Kung gusto mong tumanggap ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, markahan kung saan ka kuwalipikado sa "Mga kahilingan", at depende diyan punan ang "☆Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp." at ★Taong may espesyal na kapansanan" tungkol sa taong kuwalipikado (Kung dalawa o higit pa ang kuwalipikado, ilagay ang impormasyon tungkol sa isa sa kanila.). Kung kuwalipikado ka sa dalawa o higit pa sa "Mga kahilingan", markahan at punan tungkol sa isa sa mga kahilingang iyan.

○Dahil ikakalkula ng taong nagbabayad ng suweldo ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, walang mapupunan sa application form na ito ng halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita.

Mga kahilingan

☐	Ikaw lang ang taong may espesyal na kapansanan	(Punan ang ★ lang sa kanan)
☐	Ang kabiyak na nasa parehong kabuhayan(Paalaala) ay taong may espesyal na kapansanan	(Punan ang ☆ at ★ sa kanan)
☐	Ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay taong may espesyal na kapansanan	(Punan ang ☆ at ★ sa kanan)
☐	Ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay wala pang 23 taong gulang (Ipinanganak noong Enero 2, 1999 o pagkatapos)	(Punan ang ☆ lang sa kanan)

☆Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp.

(Furigana) Pangalan ng kabiyak na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga	Indibidwal na numero ng tao sa kaliwa	Petsa ng kapanganakan ng tao sa kaliwa: Taon Buwan Araw	
	Address o tinitirahan ng taong nakalagay sa kaliwa kapag iba iyon sa address o tinitirahan mo	Kaugnayan sa iyo ng tao sa kaliwa	Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ng tao sa kaliwa (Tinatayang halaga)
			yen

★Taong may espesyal na kapansanan

Katunayan na taong may espesyal na kapansanan
(Tingnan ang "3-2 (4)" sa likod nito)
Pareho sa application form para sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp.

(Paalaala) Ang "Kabiyak na nasa parehong kabuhayan" ay tumutukoy sa kabiyak na nasa kabuhayan mo (hindi kasali rito ang taong tumatanggap ng suweldo bilang kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer at white return taxpayer), at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay 480,000 yen pababa (o 1,030,000 yen pababa ang halaga ng kita mo sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo).

（フィリピン語版）

◆ Application Form Para sa Saligang pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo ◆

1-1 Mga paalaala sa pag-aaplay

(1) Kung gusto mong tumanggap ng saligang pagbabawas sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, isumite ang application form na ito sa taong nagbabayad ng suweldo (sa pangunahing taong nagbabayad ng suweldo (taong nagbabayad ng suweldo na nagsumite ng "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp.") kung binabayaran ka ng suweldo mula sa 2 o higit na taong nagbabayad ng suweldo) hanggang sa isang araw bago bayaran ka ng huling suweldo sa 2021.

(2) Kung lalampas sa 25,000,000 yen ang tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito, hindi ka makakatanggap ng saligang pagbabawas.
(Paalaala) Kung lalampas sa 20,000,000 yen ang halaga ng kita sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito, hindi gagawin ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

1-2 Mga paalaala sa pagsulat

(1) Sa pagsulat sa bawat bahagi sa tsart ng "Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito", tingnan ang "4 Mga paalaala sa pagsulat ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos".

(2) Markahan ang "Pasiya" batay sa tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na ikinalkula sa "Tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito (Kabuuang halaga ng (1) at (2))", at ilagay ang tamang halaga (480,000 yen, 320,000 yen o 160,000 yen) sa "Halaga ng saligang pagbabawas". Kung (A) - (C) ang minarkahan mo sa "Pasiya", ilagay ang kategoryang iyon (A-C) sa "Kategorya I" (Kung hindi mo kailangang punan ang "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Kabiyak", hindi mo kailangang punan ang "Kategorya I").

◆ Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo ◆

2-1 Mga paalaala sa pag-aaplay

(1) Kung gusto mong tumanggap ng pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa kabiyak sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, isumite ang application form na ito sa taong nagbabayad ng suweldo (sa pangunahing taong nagbabayad ng suweldo (taong nagbabayad ng suweldo na nagsumite ng "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp.") kung binabayaran ka ng suweldo mula sa 2 o higit na taong nagbabayad ng suweldo) hanggang sa isang araw bago bayaran ka ng huling suweldo sa 2021.

(2) Kung lalampas sa 10,000,000 yen ang tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito o kung ang tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito ay lalampas sa 1,330,000 yen (o 2,015,999 yen ang halaga ng kita kung kumikita lang sa pag-eempleyo), hindi ka makakatanggap ng pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa kabiyak.
(Paalaala) Kung lalampas sa 20,000,000 yen ang halaga ng kita sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito, hindi gagawin ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

(3) Kung ituturing ang kabiyak mo na kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ng ibang taong kumikita na maliban sa iyo, at kung siya ay taong tumatanggap ng suweldo bilang kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer o white return taxpayer, hindi ka makakatanggap ng pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa kabiyak.

(4) Hindi makakatanggap ng espesyal na pagbabawas para sa kabiyak ang kapuwa asawang lalaki at asawang babae para sa isa't isa.

(5) Kung gusto mong tumanggap ng pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa kabiyak may kinalaman sa kabiyak na hindi residente(Paalaala 1) , bilugan ang "Kabiyak na hindi residente", ilagay ang kabuuang halaga na ipinadala sa kabiyak na iyon sa loob ng taong ito sa "Katunayan na nasa parehong kabuhayan", at ilakip sa application form na ito ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"(Paalaala 2) at "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"(Paalaala 3) may kinalaman sa kabiyak na iyon (Kapag naisumite mo na sa taong nagbabayad ng suweldo ang "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp." na may kalakip na "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak", hindi mo kailangang ilakip sa application form na ito ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak").
Kapag nagawa na sa banyagang wika ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" at "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera", kailangan mo ring ilakip ang pagsasalin ng mga iyon.
(Paalaala)

1. Ang "hindi residente" ay tumutukoy sa indibidwal na taong walang address sa Japan at tuloy-tuloy na wala siyang tinitirahan sa Japan nang isa o higit na taon hanggang ngayon.
2. Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" ay tumutukoy sa alinman ng dokumento (i) o (ii) sa ibaba na nagpapatunay na kabiyak mo ang taong iyon na hindi residente.
   (i) Kopya ng supplementary family register o ibang dokumentong inilabas ng Japan o lokal na awtoridad, at passport ng kabiyak na iyon
   (ii) Dokumentong inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad (kailangang nakalagay diyan ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at address o tinitirahan ng kabiyak na iyon.)
3. Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ay tumutukoy sa mga dokumento sa ibaba na nagpapakitang nagpadala ka ng pera para sa gastusin sa buhay o sa pagtanggap ng edukasyon ng kabiyak na iyon na hindi residente, depende sa pangangailangan niya at sa bawat tao.
   (i) Mga dokumentong inilabas ng pinansiyal na institusyon o mga kopya nito na nagpapakitang nagbayad ka sa kabiyak na iyon sa pamamagitan ng palitan ng salapi sa transaksiyon na ginawa ng pinansiyal na institusyong iyan.
   (ii) Mga dokumentong inilabas ng kompanya ng credit card o mga kopya nito na nagpapakitang ang kabiyak mo ay bumili ng mga bagay gamit ang credit card na ibinigay ng kompanya ng credit card, at na tumanggap siya mula sa iyo ng perang katumbas ng halaga ng mga bagay na binili niya.

2-2 Mga paalaala sa pagsulat

(1) Kailangan mong ilagay sa "Indibidwal na numero ng kabiyak mo" ang My Number (indibidwal na numero) ng iyong kabiyak. Pero, tiyakin iyon sa taong nagbabayad ng suweldo dahil may kasong hindi kailangang ilagay ang My Number (indibidwal na numero) ng kabiyak mo sa ilalim ng itinakdang mga kondisyon.

(2) Sa pagsulat sa bawat bahagi sa tsart ng "Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito", tingnan ang "4 Mga paalaala sa pagsulat ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos".

(3) Markahan ang "Pasiya" batay sa tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na ikinalkula sa "Tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito (Kabuuang halaga ng (1) at (2))", at ilagay ang tamang kategorya ((i)-(iv)) sa "Kategorya II".

(4) Ilagay sa "Halaga ng pagbabawas para sa kabiyak" o "Halaga ng espesyal na pagbabawas para sa kabiyak" ang halaga ng pagbabawas na nakuha sa pamamagitan ng pag-aaplay sa tsart na "Kalkulasyon ng halaga ng pagbabawas" ng bawat kategorya na inilagay sa "Kategorya I" sa "Application Form Para sa Saligang pagbabawas" (A-C) at "Kategorya II" sa "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Kabiyak" ((i)-(iv)).

◆ Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos ◆

3-1 Mga paalaala sa pag-aaplay

(1) Kung gusto mong tumanggap ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, isumite ang application form na ito sa taong nagbabayad ng suweldo (sa pangunahing taong nagbabayad ng suweldo (taong nagbabayad ng suweldo na nagsumite ng "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp.") kung binabayaran ka ng suweldo mula sa 2 o higit na taong nagbabayad ng suweldo) hanggang sa isang araw bago bayaran ka ng huling suweldo sa 2021.

(2) Kung ang halaga ng kita sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito ay 8,500,000 yen pababa, hindi ka makakatanggap ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos.
(Paalaala) Kung lalampas sa 20,000,000 yen ang halaga ng kita sa suweldo para sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taong ito, hindi gagawin ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

(3) Kahit ang isang taong itinuring na taong may espesyal na kapansanan na kuwalipikado sa sumusunod na A, B, o C, o na taong wala pang 23 taong gulang (ipinanganak noong Enero 2, 1999 o pagkatapos) sa pagtanggap ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ng taong kumikita na maliban sa iyo, ay maituturing din na taong may espesyal na kapansanan na kuwalipikado sa sumusunod na A, B, o C, o na taong wala pang 23 taong gulang sa pag-aaplay sa pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos.

A. Ikaw mismo ang taong may espesyal na kapansanan
B. Ang kabiyak na nasa parehong kabuhayan(Paalaala 2) o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga(Paalaala 3) ay taong may espesyal na kapansanan
C. Ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay wala pang 23 taong gulang

(Paalaala) 1. Ang "taong may espesyal na kapansanan" ay tumutukoy sa tao na nasa alinman sa sumusunod na kalagayan.

(i) Taong palaging nagkukulang sa kakayahang umunawa sa kalagayan niya dahil sa kapansanan sa mental
(ii) Taong na-diagnose ng itinakdang doktor para sa mental na kalusugan, atbp. na may malubhang kapansanan sa isip
(iii) Taong binigyan ng sertipikasyon ng pagkakaroon ng kapansanan sa mental, at ang grado ng kaniyang kapansanan ay 1
(iv) Taong inilalarawan na may pisikal na kapansanan sa sertipikasyon ng pagkakaroon ng pisikal na kapansanan, at ang grado ng kaniyang kapansanan ay 1 o 2
(v) Taong binigyan ng sertipikasyon ng pagkakaroon ng sugat at sakit dahil sa pagsasali sa digmaan, at ang grado ng kaniyang kapansanan ay sa pagitan ng sintomas na espesyal at ikatlo sa bukod na tsart Blg. 1(2) sa Pension Act
(vi) Taong binigyan ng sertipikasyon mula sa Minister of Health, Labour and Welfare batay sa batas may kinalaman sa pagtulong sa mga nasalanta ng bomba atomika
(vii) Taong laging naka-bedridden at nangangailangan ng komplikadong pangangalaga
(viii) Taong may kapansanan sa mental o pisikal na 65 taong gulang pataas (ipinanganak noong Enero 1, 1957 o bago nito), at binigyan ng sertipikasyon mula sa mayor ng munisipyo o pinuno ng welfare office na ang grado ng kaniyang kapansanan ay katulad sa mga tao sa (i), (ii) o (iv).

2. Ang "Kabiyak na nasa parehong kabuhayan" ay tumutukoy sa kabiyak na nasa kabuhayan mo (hindi kasali rito ang taong tumatanggap ng suweldo bilang kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer o white return taxpayer), at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay 480,000 yen pababa (o 1,030,000 yen pababa ang halaga ng kita sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo).
3. Ang "Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga" ay tumutukoy sa kamag-anak na nasa kabuhayan mo (hindi kasali rito ang kabiyak, taong tumatanggap ng suweldo bilang kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer o white return taxpayer), at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay 480,000 yen pababa (o 1,030,000 yen pababa ang halaga ng kita sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo).
Bukod pa rito, magiging kasali rin sa kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ang taong tinatawag na bata sa ampunan na ipinagkatiwala sa iyo na pangalagaan siya ayon sa itinakda sa Child Welfare Act o tinatawag na matandang taong nangangailangan ng pangangalaga na ipinagkatiwala sa iyo na pangalagaan siya ayon sa itinakda sa Act on Social Welfare for the Elderly na nasa kabuhayan mo at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita niya na binawasan ng kinakailangang gastos ay 480,000 yen pababa.

(4) Ikakalkula ng pangunahing taong nagbabayad ng suweldo (taong nagbabayad ng suweldo na isinumite sa kaniya ang "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp.") ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon (150,000 yen bilang pinakamalaki).

3-2 Mga paalaala sa pagsulat

(1) Markahan kung saan ka kuwalipikado sa "Mga kahilingan" (kung kuwalipikado ka sa dalawa o higit pa, markahan ang isa sa mga iyon).

(2) Kailangan mong ilagay sa "Indibidwal na numero ng tao sa kaliwa" sa "☆Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp." ang My Number (indibidwal na numero) ng kabiyak na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na may espesyal na kapansanan, o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na wala pang 23 taong gulang. Pero, tiyakin iyon sa taong nagbabayad ng suweldo dahil may kasong hindi kailangang ilagay ang My Number (indibidwal na numero) niya sa ilalim ng itinakdang mga kondisyon.

(3) Sa pagsulat sa "Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ng tao sa kaliwa (Tinatayang halaga)" sa "☆Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp.", tingnan ang "4 Mga paalaala sa pagsulat ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos".

(4) Ilagay sa "Katunayan na taong may espesyal na kapansanan" sa "★Taong may espesyal na kapansanan" ang mga katotohanan tungkol sa taong may espesyal na kapansanan gaya ng kalagayan ng kapansanan, uri at petsa ng paglalabas ng sertipikasyon na ibinigay sa kaniya, at tindi (grado) ng kapansanan (Kung iisa ang kuwalipikadong taong may espesyal na kapansanan at ang taong may espesyal na kapansanan na nakalagay sa "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp.", puwede mo lang markahan ang "Pareho sa application form para sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp.", sa halip na isulat ang katotohanan tungkol sa taong may espesyal na kapansanan.).

Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa bawat application form

4. Mga paalaala sa pagsulat ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
Siguraduhing sundin ang sumusunod na paalaala sa pagsulat sa bawat bahagi sa "Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito" sa "Application Form Para sa Saligang pagbabawas" at sa bawat bahagi sa tsart ng "Kalkulasyon ng tinatayang kabuuang halaga ng kita ng kabiyak mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong ito" sa "Application Form Para sa pagbabawas Para sa Kabiyak".
Sa pagsulat sa "Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ng tao sa kaliwa (Tinatayang halaga)" sa "☆Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp." sa "Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos", ilagay ang kabuuang halaga ng sumusunod na (1) at (2).

(1) Kita sa pag-eempleyo

(i) Kasali sa kita sa pag-eempleyo ang suweldo at bonus (kasali rin dito ang bayad sa part-time na trabaho).
(ii) Kapag binabayaran ka ng suweldo ng 2 o higit na taong nagbabayad ng suweldo, ilagay ang kabuuang halaga ng 2 o higit na suweldo sa "Halaga ng kita" at "Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos".
(iii) Ilagay sa "Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos" ang halaga ng kita sa pag-eempleyo na ikinalkula sa pamamagitan ng [Kung paano ikalkula ang halaga ng kita sa pag-eempleyo] sa ibaba. Kung makakatanggap ka ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos at Pagbabawas para sa gastusing espesipikong itinakda, bawasan ang halaga ng pagbabawas mula sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa pag-eempleyo na ikinalkula.

* Para sa kalkulasyon ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos, tingnan ang [Kung paano ikalkula ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos] sa ibaba.

* Para sa kalkulasyon ng Pagbabawas para sa gastusing espesipikong itinakda, tingnan ang Tax Answer "Pagbabawas para sa gastusing espesipikong itinakda ng taong kumikita sa pag-eempleyo" sa website ng National Tax Agency [https://www.nta.go.jp].(Japanese lang)

[Kung paano ikalkula ang halaga ng kita sa pag-eempleyo]

Ang halaga ng kita sa pag-eempleyo ay ang natitirang halaga ng kita sa suweldo na binawasan ng halaga ng pagbabawas para sa kita sa pag-eempleyo, at maikakalkula ito gamit ang tsart sa ibaba.

Halaga ng kita sa suweldo (a)	Halaga ng kita sa pag-eempleyo
1 yen pataas at 550,999 yen pababa	0 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
551,000 yen pataas at 1,618,999 yen pababa	(a) - 550,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,619,000 yen pataas at 1,619,999 yen pababa	1,069,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,620,000 yen pataas at 1,621,999 yen pababa	1,070,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,622,000 yen pataas at 1,623,999 yen pababa	1,072,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,624,000 yen pataas at 1,627,999 yen pababa	1,074,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,628,000 yen pataas at 1,799,999 yen pababa	(i): (a) / 4 (i-round down sa pinakamalapit na thousand yen) = (b) ⇒ (ii): (b) x 2.4 +100,000 yen= Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
1,800,000 yen pataas at 3,599,999 yen pababa	(i): (a) / 4 (i-round down sa pinakamalapit na thousand yen) = (b) ⇒ (ii): (b) x 2.8 - 80,000 yen= Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
3,600,000 yen pataas at 6,599,999 yen pababa	(i): (a) / 4 (i-round down sa pinakamalapit na thousand yen) = (b) ⇒ (ii): (b) x 3.2 - 440,000 yen= Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
6,600,000 yen pataas at 8,499,999 yen pababa	(a) x 90% - 1,100,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos
8,500,000 yen pataas	(a) - 1,950,000 yen = Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos

[Kung paano ikalkula ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos]

Kung ikaw ay nasa kalagayan sa (i) o (ii) sa ibaba, ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na nakuha sa paraan ng kalkulasyon na (i) o (ii) sa ibaba (o kabuuang halaga ng dalawa kung ikaw ay nasa kalagayan sa kapuwa (i) at (ii)), ay babawasan mula sa halaga ng kita sa pag-eempleyo sa taong iyon.

* Kung may fraction na kulang sa 1 yen sa halagang nakuha sa kalkulasyon sa halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binabawasan ng kinakailangang gastos, i-round up ang fraction na iyon.

(i) Kung ang halaga ng kita mo sa suweldo sa taong ito (kabuuang halaga ng 2 o higit na suweldo) ay mahigit 8,500,000 yen, at nasa kalagayan ka ng (3) A, B, o C sa "3-1 Mga paalaala sa pag-aaplay"

[Kalkulasyon]

(Halaga ng kita sa suweldo(*) - 8,500,000 yen) x 10%
* Gawing 10,000,000 yen kung mahigit 10,000,000 yen

(ii) Kung mayroon kang halaga ng suweldo pagkatapos ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo, atbp., at halaga ng iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp. sa taong ito, at mahigit 100,000 yen ang kabuuang halaga ng mga iyon

[Kalkulasyon]

Halaga ng suweldo pagkatapos ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo, atbp.(*) + Halaga ng iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp. (*) - 100,000 yen
* Gawing 100,000 yen kung mahigit 100,000 yen

(2) Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo
Ilagay sa "Halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos" ang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo. Hindi kasali sa kabuuang halagang ito ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo, ang uri na ang pagbabayad ng buwis para dito ay matatapos lang sa pangongoleksta nang patiuna sa pamamagitan ng bukod na withholding tax at ang ilang kita na binawasan ng kinakailangang gastos na para dito ay pinili mo na hindi i-tax return. Para sa detalye, tingnan ang "Mga uri ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo" na nakalagay sa website ng National Tax Agency [https://www.nta.go.jp] kasama ng form na ito.